*BUOD NG TIKTIK*

Ayon sa isang international media watchdog, pangatlo ang Pilipinas sa pinakamapanganib na lugar sa buong mundo para sa mga mamamahayag. Madaling naaamoy ng isang undercover journalist ang katotohanan. Ngunit wala siyang panangga sa paparating na peligro.

**TIKTIK**

Tanghaling tapat, kaya tirik na tirik ang araw habang binabagtas ko ang kalye Moriones, sa Tondo. Suot ang puting polo na bahagyang nagusot dahil sa hindi maayos na pagkakatupi at pangalawang linggong maong na pantalon, bitbit ko sa kaliwang kamay ang isang itim na pouch bag na may butas sa harapan, at nasa kanang kamay naman ang malaking kahon na may lamang second hand na industrial fan. Mabigat ang bentilador na nasa loob, kaya nagmarka na sa kanang palad ang straw na lubid na itinali ko noong umaga sa palibot ng karton. Tumatagaktak na rin ang pawis ko sa batok. Tumigil muna ako sa tabi ng kalsada para magpahinga at kunin ang panyong nasa kaliwang bulsa. Mula sa kanang mata, nababanaag ko ang ilang matronang sandaling nag-commercial break sa kanilang tsismisan. Sa kaliwa naman, tumigil sa pagtotong-its ang mga tanggerong nakatatlong round na ng Empi at chaser na Red Horse. At sa harapan ko, mistulang on cue rin ang mga rumarampang bakling. Pakiramdam ko, isa-isa akong ini-X ray ng mga mata nila. Hindi yata sila sanay sa bagong mukha. Kumakabog ang dibdib kong binuhat ulit ang kahon ng bentilador. 'Sunog' na yata ang trabaho. Bistado? Sinilip ko ang butas sa harapan ng itim na pouch bag. Hindi naman pansin ang rumorolyong kamera na nakatago sa loob. False alarm lang pala. Paksyet na paranoia. Nagtsismisan na ulit ang mga

matrona, nag-isang bagsak pa ang mga tanggero, at bumalik sa pagrampa ang mga bakling na nagmomodel sa gitna ng kalsada.

Ako naman napatiim-bagang muna, bago napabuntong-hininga. Hindi ko rin alam kung saan ako papunta. Walang mapa, at walang ideya kung saan ko nga ba mahahanap ang isang suspek sa panggagahasa ng menor de edad niyang apo – ang wanted na si Ronaldo Estudillo. Siya ang dahilan kung bakit ako napadpad sa Tondo. Kung bakit ako nagbitbit ng isang gamit nang bentilador at kung bakit may rumurolyong kamera sa loob ng bag na nakaipit sa kilikili ko.

"Magandang umaga po, tagarito po ba si Reynante Estudillo?"

Sandaling napalingon ang aleng nagbabalat ng mga nakababad na bawang sa palanggana, "Ay sir, parang doon banda sa may gate na iyon, iyong blue, kaya lang aba teka, hoy Reynante Estudillo raw! Si Mang Naldo ba iyon?" Panunuyang sabat naman ng kasamahan yata niyang baklang magbabawang, "Naldo nga 'di ba? Ronaldo iyon. Reynate, Ronaldo, magkaiba ano ba?"

"Wow, bawal magkamali? Echosera. Ronaldo raw sir. Baka ho kamag-anak, ipagtanong ninyo na lang po sa kanila. Bakit ninyo po hinahanap?" balik sa akin ng naunang ale na kausap ko. Kumikindat-kindat pa rin ang pulang ilaw mula sa bitbit kong bag. Rumorolyo pa rin ang kamera.

"Nanalo ho kasi siya ng electric fan sa pakontes namin. Heto ho, dala-dala ko iyong premyo niya. Pupuntahan ko na lang ho sa itinuro ninyong bahay. Pero sigurado ho ba kayong Ronaldo Estudillo ang nakatira roon?"

"Ay, pasok sa banga!"

"Hindi ho…Reynante?", paniniguro ko.

"Ang alam ko sir, Ronaldo talaga ang pangalan ni Mang Naldo e."

Pasitib. Pasok nga sa banga.

***

"Walang istoryang katumbas ng buhay ninyo. Kaya huwag kayong magpakamartir sa pagsusulat ng mga istorya. *In the first place*, hindi naman kayo yayaman sa media. At hindi na uso ang martir ngayon. O kahit santo! Kaya huwag na kayong umasa na magkakaroon pa ng *patron saint* ng mga *journalist*. Baka mabigo lang kayo. Dahil wala sa inyong magiging sugo ng Vatican."

Iyan ang paalaala sa amin ng isa naming propesora sa huling araw ng klase namin noong kolehiyo. Bilang miyembro ng media, kami raw dapat ang nagbabalita ng tungkol sa mga namatay na tao. Kahibangan kung mamatay kami sa trabaho. Ako, hinding-hindi ko ipagpapalit ang buhay sa kahit anong 'ekslusibo'. Ano ako, hilo?

Pero nakalimutan ko na ang paalaalang iyan ni 'maam' nang magsimula na akong magtrabaho. At wala akong bukambibig kundi, 'ginusto ko ito'. O, Diyos ko. Bakit ko nga ba pinasok ito?

***

Nangangatog ang mga tuhod, at hindi rin tumitigil ang pagpapawis ng dalawa kong palad nang unang pagkakataong magbitbit ako ng 'surveillance box'. Hindi naman takaw-pansin ang pulang kahon ng imported na biskwit na may dalawang dangkal ang haba at taas, na binutasan ng parihaba sa harapan, saka

nilagyan ng itim na tint ng kotse. Hiningi pa namin ang tint ng kasama kong drayber sa isang talyer sa Banawe. Sa loob ng kahong iyon inilalagay ang handheld na kamera na noong una'y hindi pa kaagad nagkasya dahil mas malapad iyon kaysa sa sukat ng ginawa kong 'surveillance box'. Bahagi ng trabaho ko ang pagiging undercover agent. Sa araw na iyon, nakatoka sa aking tiktikan ang isang hinihinalang casa na pinamumugaran daw ng mga binatilyong masahista at isang baklang bugaw na nagooperate sa lugar. Wala akong kamuwang-muwang kung gaano kadelikado ang papasukin kong bahay. Kaya siguro tinawag nilang 'paglubog' ang trabaho ng isang undercover na katulad ko – ang isang paa kasi para talagang nakalibing na sa hukay. Patay o buhay, nakasalalay sa gagawin kong 'ocular' kung 'tatayo' o 'babagsak' ang ginagawa naming istorya. 'Tayo' ang istorya kung makumpirmang positibo sa ocular ang trabahong ipinagkatiwala sa isang TV producer. 'Bagsak' naman kapag napatunayang 'drowing' o kathang-isip na pinagpasa-pasang impormasyon lang ng mga barbero at kutsero ang kuwento. Kaya may biruan ang mga producer din na tulad ko, na kapag hirap magpatayo ng istorya, 'salsalin' na lang ang kuwento – piliting may maipalabas na 'kuwenta' sa gasgas nang paksa. May kakilala akong producer, ang hilig-hilig magsalsal ng istorya. Ayun, naburn out kaagad at hindi na nakatagal pa. Hindi kasi nakinig sa dati kong payo. Nakauubos ng lakas ang araw-araw na pagsasalsal ng kuwento.

Bago ako lumalapag sa ‘target area’, nakaugalian ko nang umusal muna ng isang Ama Namin, tatlong Aba Ginoong Maria at isang Glory Be. Iyon din ang pinakauna kong noong unang araw ko bilang ‘tiktik’.

Halos malunod ako sa tungayawan ng mga taga-Tondo, pagbukas ng pinto ng oto. Bukod sa perstaym kong maging undercover, ‘virgin’ pa rin ako sa bahaging iyon ng Maynila, kaya hindi ko inasahan ang sasalubong sa aking ingay, amoy, at lasa ng Tondo noon. Mala-pabrika ng mga bata ang lugar, na habang naghahabulan ay natabig pa nga ang ‘surveillance box’ na nakaipit sa kanang kili-kili ko. Putragis na mga iyon! Mabuti na lang at hindi bumagsak sa lupa. Para pa rin sasabog ang dibdib ko sa kaba at bumibigat na rin ang dalawa kong paa. Tinext ko ang impormante na nakalubog na ako sa ‘target area’.

Nakita kong nakatambay sa isang maliit na tindahan ang bente anyos na impormanteng bading na nagpatago sa pangalang “Jenny”.  Sa kaliwang kamay hawak niya ang plastik na may lamang softdrink, at sa kanang kamay naman ang isang papaupos na yosi. Tinanong ko kung handa na siya sa unang araw ng trabaho namin. Natawa naman ang hitad nang makita ang bitbit kong ‘surveillance box’. May balak daw ba akong magpalapa nang buhay sa mga taga-Tondo? Masyado raw kasing malaki ang sukat ng ginawa kong panngkubli ng kamera at medyo halata. Sana raw inilabas ko na lang ang bitbit kong lente, at nagpaalam sa may-ari ng casa na kukunan ang patagong operasyon nila. Gaga. Pero wala na kako akong magagawa, dahil kailangan na naming puntahan ang mamanmanan naming ‘subject’  – ang bugaw na si “Mama Ben’. Wala naman

akong nabasang kaba kay "Jenny" habang nag-uusap kami. Pero ako, ilang beses niyang tinanong kung 'game na ba talaga'.

Beteranang 'alpha' o asset ng mga pulis si "Jenny". Sanay na siya sa mga delikadong trabaho. Halos tatlong taon kasi siyang kinokontrata ng mga pulis, sa halagang tatlong daan at limampung piso kada isang araw na trabaho. Mas mababa pa sa minimum wage ang natatanggap niya, pero hindi raw siya kailanman nagreklamo. Ayos na rin daw iyon pambili ng yosi, at pang-'booking' sa mga namamaklang estudyante sa City Hall. Kumalas na lamang siya sa tropa, nang ilaglag siya ng mga amo niyang parak sa isang sensational na kaso ng ilegal na droga sa Maynila. Siya raw ang nag-'tip' noon sa mga pulis para matunton ng mga otoridad ang isang condominium unit sa Binondo, na ginawang drug den ng mga Tsinong tulak ng shabu. Bidang-bida raw noon ang mga amo niyang lespu sa mga programa sa TV at artikulo sa diyaryo. Umani rin ng papuri si hepe, mula sa isang kilalang matabil na komentarista sa radyo. Noong araw na ng inquest sa opisina ng piskal, siya ang itinurong testigo. Pero hindi raw siya binigyan ng proteksyon ng mga tinulungan niyang mga pulis. Kaya sa halagang tatlong daan at limampung piso, masuwerte pa siyang nabuhay pagkatapos mabugbog ng mga galamay ng drug lord na may-ari ng condominium unit na sinalakay ng dati niyang mga katropang pulis Maynila. Mula raw noon, naglie low na siya sa trabaho. Ang tip niya sa casa na nasa Tondo ang 'comeback project' niya sa paga-'alpha'.

Mga sampung minuto rin kaming naglakad, huminto (dahil mayroon daw mga 'matang' sumusunod sa amin), at hindi mabilang na kaliwa't kanang liko. Hanggang sa inginuso niya sa akin ang isang bungalow na may maaaninag na pulang ilaw sa loob. Umakto na akong parokyanong bading, bitbit ang 'surveillance box' na may rumorolyong kamera.

Habang papasok sa loob ng casa, pinagtatahi-tahi ko na rin ang mga ideya kung paano ko biswal na maikukuwento ang aking mga nakita. Dalawang bagay: video at audio. Sa telebisyon, hindi dapat maipagkait ang dalawang elementong iyan sa mga sumusubaybay na nagdidikta sa ratings ng mga programa. Video ang 'matang' bumoboso, at audio naman ang 'bibig' na nagkukuwento. Pumapalo ang ratings ng mga programang 'nangboboso' at 'nagkukuwento'. Ginagawa kasing instrumento ang telebisyon para gawing lehitimo ang pagsilip sa buhay ng iba, at maglitanya tungkol sa kanilang ginagawa. Dahil kung isa kang ordinaryong tao na mangboboso, baka mauwi ka sa kalaboso. At kung magkukuwento ka naman tungkol sa buhay-buhay ng ibang tao, paparatangan kang tsismosa o tsismoso.

Ganito ko ipinasilip at ikinuwento sa skrip ang mga nangyayari sa loob ng casa:

*AUDIO: SINALUBONG KAMI NG ISANG HINIHINALANG 'BUGAW' NA ITATAGO NATIN SA PANGALANG 'MAMA BEN'.*
*VIDEO: Pumasok ang kamera sa loob ng bahay. Sumalubong ang isang lalaki/baklang naka-puting sando at maong na pantalon. I-blur ang mukha.*

*AUDIO: MADILIM SA LOOB NG KANIYANG BAHAY. PERO SA SALA, MAKIKITA ANG LABINDALAWANG BINATILYONG NAKATAMBAY AT NAGHIHINTAY NA MATAWAG ANG PANGALAN.*

*TANGING PULANG ILAW NG ISANG BUMBILYA ANG LIWANAG NA NAGMUMULA PA SA KUSINA NG BAHAY.*

*VIDEO: Roll surveillance video sa loob ng sala.*

*AUDIO: SA ISANG BAHAGI NAMAN NG 'CASA', NAKATAMBAY ANG ILANG MGA LALAKING PAROKYANONG ABALA SA KANILANG HUNTAHAN.*

*VIDEO: Roll surveillance video sa loob na may mga nakatambay na parokyanong lalaki. I-blur ang mga mukha nila.*

*AUDIO: NASA IKALAWANG BAHAGI NG BAHAY ANG MGA PRIBADONG KUWARTO NA PUWEDENG RENTAHAN.*

*OKUPADO PA RAW NG IBANG PAROKYANO ANG MGA VIP[ ROOM KAYA'T MATIYAGANG NAGHIHINTAY ANG MGA BAGONG-DATING SA CASA.*

*VIDEO: Roll surveillance video ng hagdan paakyat sa kuwarto. CUT TO ipakita ang iba pang parokyanong naghihintay sa unang palapag ng casa.*

Kung ano lang ang nakikita, iyon lang ang isusulat. Bawal ang dagdag-bawas. Pero may mga eksena rin na hindi na nakunan ng video, at hindi na rin naisama sa skrip. Kung minsan, mas kapana-panabik ang mga nangyaryari sa 'likod ng kamera' – iyong mga nangyayari 'behind-the-scenes' 'ika nga. Noon kasing nasa loob na ako ng casa, nagduda ang bugaw na si "Mama Ben" sa dala-dala kong kahon. Para raw 'may lamang hindi nakatutuwa', aniya. Naloko na. Mabuti na lang, hindi nadulas. Boy Scout yata ako na laging handa. Dahil nang pilitin ni "Mama Ben" na silipin kung ano ang laman ng bitbit kong kahon, ang tumambad sa kaniya ay…"Muk-ap! Pa-try nito, 'te!" Hindi niya nakita ang rumurolyong handheld camera sa loob ng 'surveillance box' dahil nasa ibabaw noon ang make-up kit na ipinahiram sa akin ng kasama kong producer para gamiting props. Parang nagdilang-demonyo ang katrabaho ko nang payuhan

niya akong maglagay ng props sa ibabaw, para kung sakaling TH, o tamang-hinala ang 'subject' na sinu-surveillance namin, hindi kaagad niya makikita ang lamang kamera sa loob ng kahon. Salamat sa cover-up ng make-up.

Nai-profile ko rin sa dala kong surveillance camera si "Mama Ben". Sa totoo lang, hindi siya iyong tipikal na bugaw na kahalintulad nang mga ginagampanang papel sa mga dating pelikula nina Odette Khan o Elizabeth Oropesa.

*VIDEO: Lalaking bugaw na matikas ang katawan. Maiksi ang kulot na buhok. Nakasalamin ang mata. Naninigarilyong mag-isa sa kusina. CHARGEN: "MAMA BEN", inirereklamong bugaw*

Nagpanggap akong katropa ni "Jenny" kaya natiktikan ko rin ang operasyon ng casa sa mga sumunod pang tatlong araw. Si "Jenny" ang pumipik-ap ng mga masahista, nilalabas namin at pinapakain sa restawran malapit sa Moriones, saka ko iiinterbyu ng masinsinan para makuha ang mahahalagang detalye tungkol sa operasyon ng casa ni "Mama Ben". Doon ko nalamang may 'morning' at 'evening' shifts pala ang casa, kaya 'stay-in' o doon na rin nakatira sa casa ang karamihan sa kanila.

May dalawumpu't apat na binatilyong masahista si "Mama Ben". Lahat sila, menor de edad pa. Limang daang piso sa kada isang oras na masahe ang ibinabayad ng mga parokyano sa kanila, isang libong piso naman kapag may kasamang 'ES' o 'extra service'. Ang iba, 'blow job' lang daw ang nasisikmura. Pero may ibang batang masahista raw na nakikipagtalik din sa mga parokyano

nila. Pinakabata ang labingisang taong gulang na tinawag kong si “Monmon”, dahil kapag nagkikita kami, otomatik na niyang itinatanong kung may baon ba akong pagkain sa bag. Kaya busugin lang ang bituka niya, ‘kakanta’ na. Lamon lang ang katapat ni “Monmon”. Kuya naman ng grupo nila ang labinganim na taong gulang na si “Edward”, na kahawig ng isang karakter sa pelikulang-Hollywood na “Twilight”. Naikuwento ko kay “Edward” na kaedad niya ang nakababata kong kapatid na lalaki. Pareho rin silang tumigil sa pag-aaral dahil walang pangmatrikula. Nagtatrabaho rin noon ang kapatid ko, habang drop out sa eskuwela. Napaisip tuloy ako kung ano nga bang pinasok niyang trabaho. Hindi ko na kasi naitanong noong huli kaming nagkita kung ano na nga ba ang pinagkakaabalahan niya. Kung anuman, huwag naman sana siyang matulad sa mga binatilyong nakilala ko.

Nauna nang ikinuwento ni “Jenny” sa akin na may ilang alaga rin daw si “Mama Ben” na kinukunsinti ng mga magulang ang ginagawang ‘raket’ ng mga anak nila sa casa. Nag-aaral naman daw ang iba sa kanila, pero problema pa rin ang araw-araw na kakainin ng pamilya. Sa hirap daw kasi ng buhay sa Tondo, lahat daw talaga napapasubo sa kahit anong trabaho.

Walang tala ang gobyerno kung gaano karami ang mga batang lalaki na pinapasok ang prostitusyon para kumita. Mas nakatutok yata kasi sila sa mga babaeng biktima nito. Kakatwang isipin tuloy na maraming yumayakyak ng tinatawag na ‘gender equality’ o pantay na pagtingin sa lahat ng kasarian, pero

iyong mga batang lalaki na nasa casa ni “Mama Ben”, hindi naisasama sa bilang ng mga estadistika. *Epic fail,* ‘ika nga.

Pagkatapos ng apat na araw, sinalakay na ng mga pulis-Maynila ang casa ni “Mama Ben”. Nang masabugan na ng ilaw ng kamera ang karaniwang madilim na paligid nito, doon na tumambad sa amin ang mga piping saksi sa operasyon ng tagong-lungga nila – basyo ng lotion, isopropyl alcohol, bimpo, basahan, tuwalya, mga pakete ng sigarilyo at ilan pang gamit na condom. Amoy ‘bleach’ din ang loob ng mga VIP room sa ikalawang palapag. Hindi nagsisinungaling ang mga ebidensya. Nadatnan din ng mga otoridad ang mga menor de edad na binailyong masahista kasama ang kanilang mga parokyano sa loob ng mga pribadong kuwarto. Kaya kinasuhan ng paglabag sa batas laban sa karapatan ng mga bata, at human trafficking ang itinuturong operator at may-ari ng casa na si “Mama Ben”. Kaagad siyang pinosasan ng mga pulis para isama sa presinto.

Nang makita niya ako na may kasamang cameraman, at ID ng media, masama ang iginanti niyang titig sa akin. Napansin ko rin na tila ba hinahanap niya ang parati ko noong bitbit na ‘surveillance box’ kapag dumadalaw ako sa casa. Lumapit siya at tulad nang nakagawian na niyang gawin mula nang una kaming magkita, bumeso siya sa akin. Gusto ko sanang magsabing ‘sorry’ sa nangyari. Pero nauna na siyang bumulong. Ang sabi niya, ‘Traydor ka. Hudas.’

*VIDEO Makikitang kausap ng mga social worker ng DSWD ang mga bata kasama ang mga nagpakilalang magulang nila. PAN CAMERA to “Mama Ben” sa loob ng selda.*

*AUDIO: NASAGIP NG MGA OTORIDAD ANG MGA MENOR DE EDAD NA MASAHISTA SA CASA. BABALIK NA SILA SA KANI-KANILANG MGA*

*PAMILYA. NAUWI NAMAN SA KALABOSO ANG ITINUTURONG MAY-ARI NITO NA SI "MAMA BEN". MAAARI SIYANG MAKULONG HABAMBUHAY KUNG MAPATUNAYANG NAGKASALA NG KORTE.*

Kung traydor man ako sa paningin ni "Mama Ben" at ng iba pa niyang kasama, wala naman siguro akong dapat pagsisihan o pagbayaran. Trabaho lang, walang personalan. Dahil sabi nga sa karatula nang minsan kong nasakyang dyipni, 'God knows Hudas not pay'.

***

Naging sisiw na sa akin ang mga sumunod na undercover operation pagkatapos ng ilan pang istoryang ginawa ko sa Tondo. Hindi ko akalaing magagamit pala sa trabaho ang mga natutuhan namin noon sa teatro noong estudyante pa ako sa kolehiyo. Sa kada lubog sa 'target area', iba't iba ang suot kong maskara. Nariyang magpanggap akong estudyante, tindero sa palengke, at minsan din naging mangingisdang gustong bumili ng dinamita sa isang tagong pabrika sa Navotas. Hindi na ako neophyte sa pagbitbit ng spy camera mula sa mga malabarung-barong na bahay-aliwan hanggang sa pinakagalanteng high-end na bar na dinarayo ng mga maimpluwensyang opisyal ng gobyerno at sikat na artista. Hindi na rin ako virgin sa mga salitang 'big night', 'ladies' drink', 'modelling' at 'bar fine'. Natikman ko na ang pinakamasarap na pasong produktong may lactobacilli hanggang sa pinakamasustansiyang tinapay na may *e-coli*.

Ilang pagbabanta na rin sa buhay ang natanggap ko, pero tinakasan na rin yata ako ng kaba. May kung ilang beses na rin pumalya ang bitbit kong kamera, nasira na lang basta-basta sa gitna ng trabaho o hindi napindot ang 'record' habang rumurolyo. Ilang ulit na rin akong nasampahan ng mga asunto dahil sa mga ginawang pambibisto, pero hindi naman ako natinag sa trabaho. Burn out lang ang nakapagpapatumba sa akin. Kahit anong araw kasi, on call kami. Mabuti pa nga ang mga banko, may holiday. Pero kami, parang botika na bukas beinte kuwatro oras. Hindi raw kasi natutulog ang balita. Pero hindi ako puwedeng umangal. Walang dapat sisihin dahil, 'ginusto ko ito'.

Sa ilang taon kong pagiging 'undercover' na TV producer, hindi ako kailanman nagdasal ng mahigit sa isang Ama Namin, tatlong Aba Ginoong Maria at isang Glory Be. Maliban na lang noong bigyan ako ng 'scoop' ng kaibigan kong miyembro ng operatiba kontra-droga. Ang 'target area', isang clandestine laboratory o laboratoryo ng shabu na nasa malayong probinsya at pinatatakbo umano ng isang sindikato ng mga Tsino. Aaminin ko. Nanabik akong tanggapin ang trabaho, pero natakot din ako sa mga maaaring mangyari sa isang hindi pamilyar na teritoryo. Pambihirang pagkakataon iyon, pero pambihira rin naman ang nakaambang peligro. Parang bumalik ang pagiging perstaymer ko.

Hindi ko na nasubaybayan kung ilang beses ako nagdasal habang nasa daan. Basta pakiwari ko noon, sakaling makarating sa kaalaman ng Vatican kung ilang ulit kong tinawag si "Ama", "Ginoong Maria" at "Espiritu Santo", baka isama na rin nila ako sa mga kandidato para maging susunod na santong Filipino. Amen.

Hindi alam ng pamilya ko kung saan ako pupunta. Tanging malalapit na kasama ko lang din sa trabaho ang napagsabihan. Kung may mangyari man, bahala na si Batman.

Ako at isang 'asset' ng mga operatiba ang itinakdang magbitbit ng spy camera sa 'target area'. Si 'asset' na tatawagin nating 'Agent Y' ay nauna nang kinuhang tagalinis ng mga miyembro ng sindikato. Kaya sa aming dalawa, si 'Agent Y' ang papasok sa loob. Ako naman ang nakatoka na magmanman sa mga nangyayari sa labas ng drug lab. Mukha bang madali? Siyempre, hindi.

Masukal at maputik ang daan papunta sa 'target area'. Kinailangan ko nang gumapang dahil bukod sa napalilibutan ng barbed wire ang buong lugar, maaaring may mga mata rin sa paligid na nakabantay. Masakit ang matataas na talahib na humihiwa sa aking balat.

*VIDEO: Point-of-view o POV ng kamera na gumagapang sa damuhan.*

*AUDIO: HUMIGIT KUMULANG WALONG BUWAN NA RAW NABABALOT NG HIWAGA ANG LUGAR NA ITO.*

*VIDEO: Mga barbed wire sa compound ng laboratoryo.*

*AUDIO: ANG NAKAKANDADONG LAGUSAN AT MATATALIM NA ALAMBRE SA PALIGID, PIPING SAKSI RIN UMANO SA MGA KABABALAGHANG NANGYAYARI SA LOOB NITO.*

*VIDEO: Montage ng exhaust fan, mga kulay dilaw na damo sa paligid, at mga bote ng kemikal na wala nang laman.*

*AUDIO: SUBALIT MAY ILANG KUNDISYONG KAPUNA-PUNA.*

*ANG MASANGSANG NA AMOY SA HANGIN.*

*MGA NANGAMAMATAY NA HALAMAN.*

*AT MGA KEMIKAL NA ITINAPON NA LAMANG KUNG SAAN-SAAN.*

*VIDEO: Wide shot ng isang istrukturang gawa sa yero. Ipakita ang mga sasakyan na nakaparada sa harapan. May pumasok na tao, asset ng mga operatiba (Agent 'Y')*

*NAG-IWAN DAW NG BAKAS NG PAGDUDUDA!*

*PABRIKA NGA KAYA ITO NG 'MAMAHALING BATO'?*

May tinatawag din kaming golden rule kapag kumukuha ng video. Bawal gumalaw ang kamay ng labinlimang segundo kapag rumurolyo na ang kamera, para maging maayos at magamit ang kuhang bidyo sa editing. Kapag kasi magalaw ang nakunang eksena, nagdadabog at magpapaulan ng alimura ang editor at hindi na isasama ang kuhang video. Pero noong nakita ko na nang harapan ang itinuturong drug lab, naghalo na ang pawis at luha sa mukha ko dahil sa labis na pagkatakot. Imposible kasing hindi armado ang mga miyembro ng sindikato at maaaring nasa paligid ko lang. Hindi ko na mapigil ang sabay na pagpapawis at pagluha dahil sa labis na pag-aalala.

Sa tinagal-tagal ko sa trabaho, noon ko lang naitanong sa sarili ko, bakit ko nga ba ito ginagawa? Para kanino? Sa sarili ko na may nais patunayan sa mundo? Sa mga kaibigan na naniniwala sa aking talento? Sa mga katrabaho na humusga kung sino ako? Sa kumpanyang hindi naman kami binibigyan ng sapat na benepisyo sa trabaho? Bakit nga ba? At para kanino?

Parang flashback na eksena ang bumulaga at nagdala sa akin sa phantasmagoria. *ENTER FRAME.* Si Mama noong isinakay siya sa dyip ng mga kamag-anak namin para ipagamot sa rehab. *CLOSE UP*. Ang lulong na lulong na mukha ng

aking ina, na tumatawa at umiiyak habang nagpupumiglas sa pagkakalubid ang mga kamay at paa. *FREEZE FRAME.* Isang gulat na batang nakamasid lang sa nangyayari. Paglaon, makikita natin siya sa mga susunod na frame na isa nang ganap na taong lumaki nang malayo sa sariling magulang. Walang kamuwang-muwang kung saan dinala ang kaniyang ina noong siya ay bata pa. Habambuhay niyang isusumpa ang ilegal na drogang sumira sa kanilang pamilya. *CUT TO.*

Rumurolyo pa rin ang kamera nang idilat ko ang aking mga mata. Dumating na ang mga Tsinong chemist na pinaniniwalaang nagpapatakbo ng laboratoryo ng shabu. Ilang dipa lang ang layo nila, kaya maingat din akong dumapa habang kinukunan sila ng surveillance video.  Tatlo sa mga banyagang miyembro ng sindikato ang nagpasok ng mga galon ng kemikal sa loob ng kanilang lab. Ang dalawa naman, nakitaan ko ng baril na nakasukbit sa baywang. Paano kung makita nila ako na nagtatago sa damuhan? Isang kalabit lang nito, puwede nang bumaon ang tingga sa katawan ko. At dahil malayo ang mga kasama kong operatiba sa mismong 'target area', wala rin katiyakan kung maaabutan pa nila akong buhay sakaling magpasya na silang sumalakay.

*AUDIO: MAYA-MAYA PA, DALAWANG LALAKI NAMAN ANG LUMAPIT…AT ANIMO'Y MAY SINIPAT SA BANDANG LIKURAN NG SASAKYAN.*

*VIDEO: Iroll ang surveillance video: Mga Tsinong nagsasagawa ng inspeksyon ng laman ng pulang kotse.*

*AUDIO: TUMAMBAD ANG MGA ASUL NA CONTAINER NA KARGA SA LOOB NITO. NAKAANGKAS DIN ANG ILANG GAMIT PANG-LABORATORYO!*

*VIDEO: Close up ng mga galon ng kemikal sa loob ng kotse.*

*AUDIO: KAAGAD BUMALIK ANG DALAWANG LALAKI SA LOOB, BITBIT ANG ILANG KAHINA-HINALANG KARGO.*

*VIDEO: Pagpasok ng mga chemist sa loob ng drug lab.*

Mabilis ang mga pangyayari. Nang makapasok na ang mga banyagang suspek na may hokus pokus sa loob ng drug lab, gumapang na rin ako paalis sa 'target area'. Hapung-hapo ako nang marating ang kabilang dulo ng compound kung saan naghihintay ang mga operatiba. Doon ko nalamang hindi pa pala nakababalik si 'Agent Y'. Nakalubog pa rin siya sa loob ng drug lab, bitbit ang aming kamera. Dalawang bagay ang naglaro sa isip ko noong mga sandaling iyon. Una at siyempre ang mas mahalaga, paano kung mahuli si 'Agent Y' ng mga miyembro ng sindikato? At pangalawa, na hindi rin maiaalis sa isip ko, paano na iyong bitbit niyang kamera? Pagbayarin kaya ako ng opisina sakaling hindi na siya makabalik? Anak ng tokwa.

Sa mga nagawa kong trabaho, seventy-thirty ang tsansa ng tagumpay at kabiguan. Madalas umuuwi akong walang napapala at luhaan. Pero tanggap ko iyon. Sa sugal, hindi naman talaga parating nasa iyo ang alas. At walang puwedeng gawin kundi lunukin ang pride kapag sumasablay sa trabaho. Hindi naman iiyak ang mundo sa kasawian lang ng isang tao.

Hindi na nakabalik si 'Asset Y' sa tagpuan namin ng mga operatiba pagkatapos ng surveillance operation. Naiwan siya sa 'target area' kasama ng kamerang ipinahiram ko sa kaniya. Dahil sa nangyari baka pagbabayarin ako sa opisina ng

hindi bababa sa singkuwenta mil para sa nawalang kamera. Parang mas mahirap pa yatang lunukin iyon kaysa sa pride. Ilang buwan ko rin iyong suweldo. O Diyos ko, bakit ko nga ba ginagawa ang mga ito kung mababablangko rin lang naman pala ang payslip ko?

Kung suweldo lang din naman ang pag-uusapan, hindi na rin masama ang natatanggap ko bilang undercover na TV producer. Mas mataas kaysa sa minimum wage ng mga empleyado sa Metro Manila na 456 pesos, kaya kahit paano'y nakasasabay rin sa komersyalismong hatid ng kung ano ang uso. Ang hindi lang uso sa trabaho namin ay ang overtime pay, hazard pay, night differential, iba't ibang bonus at benepisyo. Hindi kasi kami mga regular na empleyado, bagkus ay bahagi kami ng mga tinatawag na talent system ng midya. Katumbas nito ang mga kontrakwal na manggagawa na kapag natapos na ang pinirmahang kontrata, nakasalalay sa kamay ng mga panginoon ng mga programa kung irerenew kami o gagawing *frozen delight* – talent na mistulang magyeyelo na lang bigla ang karir, pagkatapos manlamig ng management sa kanilang performance sa trabaho. Wala rin separation pay, o backpay. Isang kabalintunaan na kami ang karaniwang sumbungan ng mga mamamayan, pero sarili naming karapatan hindi namin maipaglaban. Kahit kami ang nasa katuwiran.

Noong binalikan namin kinabukasan ang laboratoryo ng shabu para tuluyan nang salakayin ng mga operatiba, natiklo ng mga otoridad ang limang miyembro ng sindikato na nagtitimpla at nagluluto ng shabu. Kasama nilang

nadatnan sa loob ng drug lab si ‘Agent Y’. Para kaming magkabarkadang muling nagkita pagkatapos ng ilang taong pagkakawalay. Humingi pa siya ng paumanhin kung labis akong nag-alala. Aniya, hindi na raw niya nagawa pang makatakas dahil baka mabuko siya ng mga banyagang chemist na isa siyang tiktik na naglulungga sa kanilang tagong teritoryo. Nabawi ko rin ang ipinahiram na kamera sa kaniya kasama ang laman na video tape. Sinabi niyang may laman ang hawak kong tape.

Pero laking-gulat ko nang damputin at posasan din si ‘Agent Y’. Para akong natulig nang malaman kong kasama rin siya sa mga kakasuhan ng pulisya. Iniharap din siya sa iba pang miyembro ng midya bilang suspek. Sa pagkataranta, nakipagtalo pa ako sa mga kakilala kong operatiba para pakawalan nila si ‘Agent Y’. Bilang media, wala raw akong dapat kampihan kahit na sino. Pero bilang isang tao, alam ko kung ano ang mali sa tama. Kung sakali kayang ako naman ang hindi kaagad nakabalik sa napagkasunduang tagpuan ng mga operatiba, kasama rin kaya nila akong ihaharap sa midya kahilera ng mga suspek na miyembro ng sindikato? Hindi siya dapat kasama sa mga inaresto, dahil katuwang siya ng mga operatiba mula umpisa ng aming trabaho. Kaya para akong binubuhusan ng malamig na tubig nang makita ko ang posas sa mga kamay ni ‘Agent Y’ at wala akong nagawa para mapalaya siya.

Dahil lang sa isang video tape, may buhay na naman yata akong nasira. *REWIND. PLAY. STOP.* Bumulaga sa akin ang loob ng ‘pabrika ng droga’.

*VIDEO: Mga chemist na abala sa pagtitimpla ng mga liquid shabu. May mga makina sa loob kung saan nila pinoproseso ang paggawa nito.*

*AUDIO: APAT NA DAYUHANG TSINO AT TAIWANESE ANG ABALANG GUMAGAWA.*

*KAPANSIN-PANSIN DIN ANG ILANG APARATO NA KANILANG GINAGAMIT.*

*VIDEO: Mga asul na container na galing sa kotse ng mga sindikato.*

*AUDIO: ANG MGA IPINASOK NA CONTAINER, KEMIKAL PALANG SANGKAP SA PAGGAWA NG "METAMPHETAMINE HYDROCHLORIDE".*

Bumilis ang tibok ng dibdib ko pagkatapos mapanood ang makapanindig-balahibong laman ng video tape. Positibong nakunan ni 'Agent Y' sa kamera ang operasyon ng target naming drug lab! Pasitib! Pero sandaling napawi ang pananabik ko habang pinanonood ang surveillance video nang makita ko ang nakayukong si 'Agent Y' kasama ang iba pang suspek sa kaso. Halos ibinuwis niya ang sariling buhay para lamang sa kailangan kong surveillance video. At ano ang napala niya kapalit ng 'scoop' ko? Ilang taong pagkakakaloboso kasama ng mga banyagang miyembro ng sindikato. Para saan nga ba? Para kanino? Sa publikong sabik sa 'pamboboso'? Sa mga miron na atat sa bagong kuwento? Para sa pamilyang hindi na niya makakapiling pa?

Sandali akong pumikit para magpatianod sa phantasmagoria. Si Mama na sinalubong ng mga kaanak ko galing sa rehabilation center ng mga nalulong sa droga. Si 'Agent Y' at ang paghihiwalay ng landas namin sa 'target area'. Si "Mama Ben" at ang huling salitang ibinulong niya – 'Hudas'.

***

Rolling pa rin ang kamera. At isang batang babae ang sumalubong sa akin nang makarating ako sa sinasabing bahay ng suspek na nagngangalang Reynaldo Estudillo. Sa tantiya ko, nasa limang taong gulang lang siya pero matatas nang magsalita. Sinabi ko ang pangalan ng taong pakay ng aking pagbalik sa Tondo.

Pasitib ngang doon naninirahan si Reynaldo Estudillo. Kinapa ko ang kamerang nasa loob ng 'surveillance box'. Mainit at patuloy iyong rumurolyo. Sumilip sa bintana ang isang lalaki, na pakiwari ko noo'y ang pinaghahanap kong suspek sa panggagahasa ng isang menor de edad na babae. Kumikindat pa rin ang pulang ilaw mula sa recorder ng kamera. Lumabas sa kaniyang bahay ang sa tantiya ko'y nasa cuarenta hanggang cuarenta y singko anyos na si Reynaldo Estudillo. Binati ko siya at nagpakilala akong mensahero. Hinahanap ko ang isang Reynante Estudillo na nanalo sa paraffle ng isang brand new (pero gamit nang) industrial fan na bitbit ko rin noong araw na iyon. Nagtaka ang kausap ko dahil wala naman daw siyang sinalihang paraffle, at hindi rin naman Reynante ang pangalan niya. Baka raw nagkamali lang ako ng hinahanap na tao.

Kunwari akong napakamot ng ulo at nag-isip. Baka nga kako hindi nga para sa kaniya ang premyo. Magalang akong nagpaalam at sinabing babalik na lang sakaling makumpirma ng opisina namin na siya nga ang nanalo.

Nakadalawang hakbang pa lamang ako palayo sa bahay ng mga Estudillo nang tawagin ulit ako ni Reynaldo. "Sandali lang, hijo. Bakit parang may dala kang kamera? Kinukunan mo ba ako?"

***

‘Sunóg’ o burn sa wikang Ingles ang tawag sa mga napurnadang trabaho. Kapag nahuli kaming may bitbit na kamera sa katawan, panahon na para alisin ang maskara sa mukha. Magpakilala na bilang miyembro ng media. Magalang na ipaliwanag ang pakay kung para saan ang nakatutok na kamera. Tawagan ang boss sa opisina at ikuwento ang kamalasan/kapabayaan/katangahang nangyari habang nakalubog sa ‘target area’.

Nangangatog ang mga tuhod, at hindi rin tumitigil ang pagpapawis ng dalawa kong palad nang unang pagkakataon magbitbit ako ng ‘surveillance box’. Para naman akong hinampas ng tubo at sinaksak paulit-ulit ng kutsilyo nang mahuli ang bitbit kong ‘surveillance box’. Nalusutan ko na dati ng paulit-ulit ang Tondo. Pero sa Tondo rin pala ako ‘babagsak’.

Matapos akong magpakilala bilang media, hindi naman nangbabala o nanggagabala ng taong tiniktikan ko. Nakalabas naman ako ng buhay sa Tondo. Pero pagdating ng mga pulis sa bahay ng pinaghahanap nilang suspek, hindi na nila naihain pa ang dala nilang kopya ng mandamiento de aresto. Tumakas na kasama ng pangalawa niyang pamilya ang wanted na si Reynado Estudillo.

Kaya hindi ko naisulat ang skrip tungkol sa paglutas ng kaso ng isang menor de edad na batang ginahasa raw ng kaniyang ama. Hanggang ngayon kasi, pinaniniwalaang nagtatago pa rin sa batas ang suspek na nauna ko nang natiktikan sa dati niyang bahay sa Tondo. Kapag ‘sunóg’ ang trabaho, hindi lang

ako ang apektado. Higit lalo ang mga taong umaasa na malulutas ng media ang kanilang kaso.

Sa isang developing country na batbat ng katiwalian at kabulastugan ang mga namumuno sa pamahalaan, ginagawang katawa-tawa ang dalawang sangay ng lehislatura, at pinagdududahan ang integridad ng ibinababang hatol ng hustisya, sa ikaapat na institusyon dumudulog ang masa – saan pa nga ba kundi sa media? Bukambibig nga ng mga uring-api at feeling inaapi ang 'Isusumbong kita kay (pangalan ng host sa TV/komentarista sa radyo/may kolum sa diyaryo/binugbog ng aktres na si Claudine Baretto)!', at hindi kailanman narinig sa kanila na magrereklamo sa presidente, bise-presidente, kongresman, bokal, mayor, o pati sa punong mahistrado ng Korte Suprema. Dahil ang mass media ang makabagong Messiah ng masa.

Minsan pa ngang may nagkomento sa Facebook, mahimbing daw ang tulog nila tuwing gabi dahil sa mga tulad kong undercover na miyembro ng media. Natawa na lang ako sa nabasa. Pati pala papel ng pulis, ibinigay na sa amin. Sabi nga ng isang kaibigan kong naging instant celebrity sa social media, "I wasn't informed! I should have been informed!"

Kapag nagkukuwento naman ako sa mga kaibigan at kapamilya, parati nilang inihahalintulad ang trabaho ko sa mga sikat na spy ng Hollywood, tulad nina Agent 007 o James Bond, Ethan Hunt, Jason Bourne at Johnny English. Ilang 'wow' na rin ang naririnig ko kapag napag-uusapan ang tungkol sa mga raid, police operation, rescue, sanitary inspection, drug buy bust operation na aking

nasamahan. Pero kapag nababanggit ko na ang mga isang-paa-sa-hukay na kuwento, nagbabago na ang timpla nila. Bakit daw hindi na lang ako maghanap ng ibang trabahong hindi delikado?

Parati ko ring sinasabi na ‘ginusto ko ito’. Pero, mahirap nang iwan ang nakasanayan kong mundo. Dahil ako na ito. Sanay nang magtago.

At ang totoo, sa trabahong ito mahirap nang isara ang mga mata. Mahirap nang magbingi-bingihan sa mga naririnig. Mahirap nang hindi pansinin ang hapdi, kirot, o sakit na nararamdaman ng iba. Mahirap nang hindi pansinin ang lansa ng amoy sa paligid.

Ganoon na nga yata kapag tiktik. Parating naghahanap ng panibagong target.